Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-29 NG AGOSTO, 2001, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ............... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ............... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ............... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ............... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ............... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ............... | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ............... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ............... | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ............... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ............... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ............... | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 194-T'2001*

*KAPASIYAHANG INIREREKOMENDA SA KGG. PUNONG BAYAN DOMINGO G. PANGANIBAN ANG KGG. KAG. EUGENIO A. JAVIER JR., BILANG KASAPI NG LUPON SA PABAHAY PARA SA DGP (DAMPA GALING SA PUSO) HOUSING PROJECT, KAPALIT NG DATING KAGAWAD JAIME ALEXANDER T. CALUPITAN.*

*SAPAGKA'T,* may binuong lupon sa Pabahay para sa DGP Housing Project ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna;

*SAPAGKA'T,* may rekomendasyon ang mga kasapi ng Kgg. Sangguniang Bayan na ihalili ang Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr. sa dating Kag. Jaime Alexander T. Calupitan;

*SAPAGKA'T,* may taglay na kaalaman at kakayahang teknikal ang Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr. upang makasama sa nasabing lupon sa pamamahala ng nasabing proyekto;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Edgardo T. Porca na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon at Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na irekomenda sa Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban ang Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr. bilang kasapi ng Lupon sa Pabahay para sa DGP (Dampa Galing sa Puso) Housing Project, kapalit ng dating Kagawad Jaime Alexander T. Calupitan.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr. at mga kasapi ng Lupon sa Pabahay (DGP Housing Project), lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

9/17/2001